BAKUNA SA COVID-19

MAYROON NA NGAYON PARA SA MGA NASA GULANG, BATA AT SANGGOL

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN.

MGA BOOSTER NA DOSIS

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagpoprotekta laban sa malubhang pagkakasakit, pagpapa-ospital, at pagkamatay. Ang pagpapanatiling napapanahon sa mga bakuna sa COVID-19, kabilang ang pagkuha ng booster na dosis kapag ikaw ay kwalipikado, ay mahalaga para mayroon kang pinakamabisang proteksyon.

ANG MGA BOOSTER NA DOSIS AY LIGTAS

Ang mga booster na dosis sa COVID-19 ay may parehong sangkap sa orihinal na mga bakuna, na napatunayang ligtas para sa daan-daang milyong tao. Ang banayad na mga side effect ay karaniwan. Ang malubhang pangalawang mga epekto ay napakabihira.

TUTULONG ANG MGA BOOSTER NA DOSIS NA PANATILIHIN KANG PROTEKTADO

Ang mga booster na dosis ay mga dosis na kukunin mo matapos mong ganap na mabakunahan upang manatili kang protektado laban sa COVID-19.

Ang mga booster na dosis ay karaniwan para sa maraming bakuna. Halimbawa, ang bakuna sa tetanus ay nangangailangan ng mga booster na dosis kada 10 taon para sa mga nasa gulang.

Napag-alaman ng mga siyentista na sa ilang mga bakuna, bumababa ang proteksyon sa tao sa paglipas ng panahon, at tumutulong ang booster na dosis na panatilihin silang protektado. Ang mga booster na dosis sa COVID-19 ay gumagana sa parehong paraan.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

Sino ang maaaring tumanggap ng booster na dosis

Binibigyan ng mga booster na dosis ng dagdag na proteksyon ang lahat, ngunit ang mga ito ay napakahalaga para sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan, trabaho, o sitwasyon sa pamumuhay na nangangahulugan na sila ay nasa mas mataas na panganib na mahawa ng COVID-19 o lubhang magkasakit.

Ang mga booster na dosis ay libre para sa lahat anumapan ang kanilang katayuan sa imigrasyon, o kung sila ay may seguro sa kalusugan o ID.





KUMUHA NG KARAGDAGANG PROTEKSYON

Ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang iyong pamilya, iyong komunidad at iyong sarili mula sa COVID-19 ay ang pagpanatiling napapanahon sa iyong mga bakuna. Ang pagpapanatiling napapanahon sa bakuna ay nangangahulugan ng pagkuha ng parehong dosis ng dalawang dosis na bakuna, at pagkuha ng anumang mga booster na dosis na kwalipikado ka.

Patuloy na magsuot ng mask, panatilihin ang social distancing, at manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit upang mapanatiling ligtas ang lahat.

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI. PROTEKTAHAN ANG IYONG KOMUNIDAD. MAGPABAKUNA.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus